JYNNEOS NA BAKUNA PARA SA MONKEYPOX

Mga Madalas na Katanungan (FAQ)

1. Ano ang JYNNEOS na bakuna para sa monkeypox?

Ang JYNNEOS ay 2 dosis na bakuna na inaprubahan ng Food and Drug Administration (FDA) para sa pagpigil sa mga sakit na monkeypox at bulutong (smallpox) sa mga taong may edad na 18 taong gulang pataas. Mayroon din itong awtorisasyon ng FDA para sa pang-emerhensyang paggamit (emergency use authorization o EUA) para sa mga taong wala pang 18 taong gulang.

- Kung ang bakunang JYNNEOS ay ibinigay *bago* malantad ang tao sa monkeypox, nakakatulong ito para maprotektahan sila mula sa pagkakaroon ng sakit na monkeypox.
- Kung ito ay ibinigay kaagad *pagkatapos* na siya ay malantad sa monkeypox, (karaniwang ibinibigay sa loob ng 4 na araw) maaaring makatulong ito para pigilan ang sakit o gawin itong hindi gaanong malala.

Tandaan: Kung ang tao ay mayroon nang mga sintomas ng monkeypox, huli na para siya ay magpabakuna. Dapat silang magpatingin sa doktor para masuri at mapayuhan tungkol sa paggamot.

Ang bakunang JYNNEOS ay ginawa gamit ang isang vaccinia virus. Ito ay isang virus na nauugnay sa monkeypox at bulutong na virus. Ang vaccinia virus ay pinahina para hindi ito maging sanhi ng vaccinia, bulutong (smallpox), o monkeypox sa taong nabakunahan na o sa mga taong nasa paligid nila.

Ang isang bakuna na tinatawag na ACAM2000 ay inaprubahan ng FDA para mapigilan ang bulutong subalit maaari din itong gamitin upang mapigilan ang monkeypox. Dahil hindi ginagamit ang ACAM2000 para pigilan ang monkeypox sa Amerika sa ngayon, ang FAQ na ito ay tumutukoy lamang sa bakunang JYNNEOS.

2. Paano ibinibigay ang bakuna?

Ang bakunang JYNNEOS ay ibinibigay sa pamamagitan ng iniksyon. Mayroong dalawang magkaibang pamamaraan na ginagamit:

- **Iniksyon sa ilalim ng balat (subcutaneous)**. Nangangahulugan ito na ang bakuna ay ibinibigay sa ilalim ng balat na nasa itaas na braso. Ang pamamaraang ito ay ginagamit para sa mga taong mas bata sa edad na 18 taong gulang at mga tao sa anumang edad na nagkaroon ng mga peklat na keloid. Ang keloid na peklat ay isang makapal at nakaumbok na peklat na maaaring mabuo pagkatapos ng pinsala sa balat, tulad ng hiwa, pagbutas (piercing), o operasyon.
- **Iniksyon sa pagitan ng mga sapin ng balat (intradermal)**. Nangangahulugan ito na ang bakuna ay ibinibigay sa pagitan ng mga sapin (layers) ng balat. Ang pamamaraang ito ay ginagamit para sa karamihan ng mga taong may edad na 18 taong gulang pataas. Ang mga taong nagpapabakuna sa ganitong paraan ay maaaring pumili ng isa sa 3 bahagi ng katawan para iniksyunan: sa bisig (sa loob ng braso sa pagitan ng pulso at siko); sa itaas ng likod sa ibaba ng paypay ng balikat (shoulder blade); at sa deltoid (kalamnan ng balikat). Makakakita ka ng mga larawan ng mga taong nagpapabakuna sa bisig, itaas na likod, o balikat.

Sa kasalukuyan, ang iniksyon sa pagitan ng mga sapin ng balat (intradermal) na pamamaraan ang ginagamit para sa karamihan ng mga taong may edad 18 taong gulang pataas. Gayunpaman, kung mayroon kang alalahanin sa keloid na peklat o mas gusto mong magpabakuna sa balat, maaari mo itong matanggap. Siguraduhing sabihin sa tagapagbigay ng bakuna ang iyong kagustuhan.

3. Ilang dosis ang aking kailangan?

Ang bakunang JYNNEOS ay ibinibigay bilang dalawang dosis nang may pagitang hindi bababa sa 4 na linggo. Ang tao ay magsisimulang bumuo ng proteksyon sa mga araw at linggo pagkatapos ng kanilang unang dosis subalit hindi magkakaroon ng kanilang pinakamataas na proteksyon hangga't walang dalawang linggo pagkatapos ng pangalawang dosis. Ito ang panahon na ikaw ay itinuturing na ganap ng nabakunahan.

Mahalaga pa rin na patuloy na gumawa ng iba pang mga hakbang para mabawasan ang iyong panganib kahit na tapos ka nang ganap na mabakunahan.

4. Gaano kahusay na gumagana ang bakuna?

Wala pa kaming sapat na datos ng tunay na nangyayari sa mundo para masabi kung gaano kahusay na pinoprotektahan ng bakuna ang mga tao mula sa pagkakaroon ng monkeypox sa panahon ng kasalukuyang pagsilakbong ito. Gayunpaman, ipinakita ng kamakailang pag-aaral ng CDC na sa bawat 1 impeksyon sa mga taong nakatanggap ng isang dosis ng bakunang JYNNEOS, mayroong 14 na impeksyon sa mga taong HINDI nakatanggap ng bakuna. Ang mas lumang mga datos mula sa Africa ay nagpapahiwatig na ang bakunang JYNNEOS ay hindi bababa sa 85% epektibo sa pagprotekta sa mga tao laban sa monkeypox kapag ang bakuna ay ibinigay bago ang pagkakalantad.

Maaaring mapigilan ang pagkakahawa sa sakit ng isang taong nalantad sa monkeypox kung ang bakuna ay ibibigay sa loob ng 4 na araw pagkatapos ng pagkakalantad. Kung ang tao ay nabakunahan sa pagitan ng 4 at 14 na araw pagkatapos ng pagkakalantad, hindi malamang na mapigilan ng pagbakuna ang impeksyon, ngunit kung sakali man na magkaroon ng monkeypox ang tao, ang kanyang mga sintomas ay maaaring mas banayad.

Ang bakuna ay alam na hindi gumagana kung ito ay ibinigay kapag ang tao ay mayroon nang mga sintomas ng monkeypox.

Dahil natututunan pa rin lang namin kung gaano kahusay gumana ang bakuna sa panahon ng pagsilakbong ito, mahalagang patuloy na gumawa ng iba pang mga hakbang para mabawasan ang iyong panganib kahit ganap ka ng nabakunahan.

5. Sino ang dapat magpabakuna?

Inirerekomenda ang pagbabakuna para sa mga taong nalantad sa monkeypox at sa mga taong maaaring sa kasalukuyan o hinaharap ay nasa panganib na magkaroon ng monkeypox.

Ang mga sumusunod na tao ay kwalipikado sa bakuna:

- Sinumang lalaki o transgender na nakikipagtalik sa mga lalaki o iba pang taong transgender
- Mga tao na may anumang kasarian o oryentasyong sekswal na nakikibahagi sa komersyal at/o transaksyonal na pakikipagtalik (hal., pakikipagtalik kapalit ng pera, tirahan, pagkain, o iba pang mga bagay o pangangailangan) o nakikipagtalik kaugnay ng isang malaking pampublikong kaganapan
- Mga taong namumuhay nang may HIV, lalo na ang mga taong may hindi makontrol o lumulubhang (advanced) sakit sa HIV

- Mga taong nagkaroon ng balat-sa-balat na kontak o matalik na kontak ng taong may hinihinala o kumpirmadong monkeypox, kabilang ang mga hindi pa nakukumpirma ng Pampublikong Kalusugan
- Mga sekswal na kapartner ng mga tao alinman sa mga pangkat na nasa itaas
- Mga taong inaasahang kabilang alinman sa mga pangkat na nasa itaas
- Mga taong may ilang partikular na trabaho kabilang ang:
    - Mga taong nagtatrabaho sa orthopoxviruses o mga pagsusuri ng orthopoxviruses sa pananaliksik o mga klinikal na laboratoryo
    - Mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na nag-aalaga ng mga taong may kumpirmado o hinihinalang monkeypox. Kabilang dito ang mga klinisyan at mga tauhan ng serbisyong pangkalikasan. Tingnan ang FAQ sa ibaba *Isa akong manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Dapat ba akong magpabakuna?*

Mas maraming tao ang maaaring maging kwalipikado para sa bakuna sa hinaharap. Para sa pinakabagong impormasyon, tingnan ang ph.lacounty.gov/monkeypox/vaccine.htm.

6. Anu-ano ang mga epekto (side-effects) ng JYNNEOS?

Ang mga epekto sa bahagi ng katawan na ininiksyunan ay karaniwan sa parehong pagbabakuna ng JYNNEOS sa ilalim na balat (subdermal) at sa pagitan ng mga sapin ng balat (intradermal). Kinabibilangan ang mga ito ng pamumula, pamamaga, pananakit, paninigas, at/o pangangati. Ang mga sintomas na ito ay mas karaniwan sa mga iniksyon sa pagitan ng mga sapin ng balat (intradermal). Para sa ilang mga tao, ang pangangati at pamamaga ay maaaring tumagal ng ilang araw hanggang ilang linggo. Ang iba pang mga epekto ay maaaring kabilangan ng pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, pagduduwal, panginginig, o pagod na pakiramdam. May maliit na tsansa ng lagnat.

Tulad ng anumang medisina, may napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay magdulot ng matinding reaksyon ng alerdyi. Kung mayroon kang mga palatandaan ng isang matinding reaksiyon ng alerdyi (tulad ng pamamantal, pamamaga ng mukha o lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, o pagkahilo), tumawag **kaagad sa 911** o pumunta sa pinakamalapit na hospital. Para sa iba pang alalahanin, kontakin ang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider).

7. Maaari ba akong magpabakuna kasabay ng iba pang mga bakuna?

Oo. Ang bakunang JYNNEOS ay maaaring ibigay bago, pagkatapos, o kasabay ng iba pang mga bakuna. Kabilang dito ang mga bakuna laban sa trangkaso at COVID-19.

Kung ikaw ay isang lalaking nasa 12–39 na taong gulang, maaari mong isaalang-alang ang paghihintay ng 4 na linggo pagkatapos mong magpabakuna ng JYNNEOS bago magpabakuna para sa COVID-19. Ito ay dahil maaaring may maliit na pagtaas sa panganib ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan sa puso) kung magpapabakuna ka ng magkalapit na panahon. Pero, kung ikaw ay nasa mataas na panganib na magkaroon ng monkeypox o nagkaroon ng kamakailang pagkakalantad, dapat kang magpabakuna ng JYNNEOS kahit na kamakailan ka lamang nakakuha ng dosis ng bakuna sa COVID-19.

8. Isa akong manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Dapat ba akong magpabakuna?

Ang panganib ng transmisyon ng monkeypox ay napakababa para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan (HCW) kung susundin nila ang naaangkop na mga kasanayan sa pagkontrol sa impeksyon. Kabilang dito ang pagsusuot ng personal na pamprotektang kagamitan [personal protective equipment] (PPE) at paggamit ng mga ligtas na paraan ng pagkolekta ng ispesimen. Gayunpaman, ang mga HCW na nangangalaga sa mga taong may kumpirmado o hinihinalang monkeypox ay kwalipikado para sa bakuna. Kabilang dito ang mga HCW na malamang na mangolekta ng mga ispesimen ng laboratoryo mula sa mga taong may monkeypox (hal., nagtatrabaho ang HCW sa mga klinika sa sekswal na kalusugan o mga klinikal na kapaligiran na nagsisilbi sa mga populasyong nasa panganib).

Ang mga kawaning nagbibigay lamang ng bakunang JYNNEOS subalit hindi nag-aalaga sa mga taong may kumpirmado o hinihinalang monkeypox ay hindi kwalipikado sa pagbabakuna para sa monkeypox.

Maaaring irekomenda ang postexposure prophylaxis (PEP) para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan pagkatapos ng ilang partikular na pagkakalantad sa trabaho. Tingnan ang chart ng CDC sa mataas at banayad na panganib ngpagkakalantad.

9. Kung mayroon akong mga sintomas ng monkeypox, dapat ba akong magpabakuna?

Hindi. Kung mayroon kang mga sintomas ng monkeypox, hindi ka dapat magpabakuna para sa monkeypox. Makipag-usap sa doktor tungkol sa iyong mga sintomas sa lalong madaling panahon. Kung wala kang doktor o segurong pangkalusugan, maaari kang bumisita sa klinika para sa sekswal na kalusugan ng Pampublikong Kalusugan. Para sa mas marami pang impormasyon, tawagan ang Sentro ng Tawagan ng Pampublikong Kalusugan sa 1-833-540-0473 (7 araw sa isang linggo mula alas 8:00 ng umaga hanggang alas 8:30 ng gabi).

10. Nagkaroon na ako ng monkeypox, dapat ba akong magpabakuna?

Hindi. Batay sa kasalukuyang magagamit na impormasyon, kung nagkaroon ka na ng monkeypox, protektado ka mula sa muling pagkakaroon nito. Mayroon kang "natural na imyunidad". Ang pagbabakuna ay hindi inirerekomenda sa panahong ito. Gayunpaman, kung nakompromiso ang iyong imyunidad (immunocompromised), dapat kang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung dapat kang magpabakuna.

11. Kung magkaroon ako ng monkeypox pagkatapos magpabakuna ng unang dosis, dapat ba akong magpabakuna ng pangalawang dosis?

Pagkatapos mong magkaroon ng monkeypox, batay sa kasalukuyang magagamit na impormasyon, ikaw ay protektado mula sa muling pagkakaroon nito. Nangangahulugan ito na hindi mo na kailangang magpabakuna ng pangalawang dosis. Kung nakompromiso ang iyong imyunidad (immunocompromised), dapat kang makipag-usap sa iyong doktor kung dapat kang magpabakuna ng pangalawang dosis.

12. Kung nagkaroon ako ng bakuna sa bulutong ilang taon na ang nakalipas, dapat pa ba akong magpabakuna para sa monkeypox?

Oo. Ang mga taong nabakunahan para sa bulutong bago ang pagsilakbong ito ay dapat pa ring magpabakuna para sa monkeypox. Ito ay dahil ang proteksyon mula sa bakuna sa bulutong ay maaaring bumaba sa paglipas ng panahon.

13. Maaari ba akong magpabakuna kung ako ay may huminang sistema ng imyunidad at/o HIV?

Oo. Mahalagang mabakunahan ang mga taong may mahinang sistema ng imyunidad, tulad ng mga taong may malubha (advanced) o hindi makontrol na HIV, na nasa mas mataas na panganib na magkasakit nang malubha kung sila ay magkakaroon ng monkeypox. Ang JYNNEOS ay pinag-aralan sa mga taong may HIV, at walang nakitang malubhang masamang reaksyon.

Mahalagang tandaan na kung ikaw ay may huminang sistema ng imyunidad, malamang na hindi ka makakabuo ng malakas na pagtugon ng imyunidad pagkatapos ng pagpapabakuna. Nangangahulugan ito na lalong mahalaga na gumawa ng iba pang mga hakbang para maiwasan ang pagkakaroon ng monkeypox.

14. Maaari ba akong magpabakuna kung mayroon akong eczema?

Oo, ang JYNNEOS ay pinag-aralan sa mga taong may kondisyon ng tuyo, makati at namamagang balat (atopic dermatitis o eczema), at walang nakitang malubhang masamang reaksyon. Ang mga taong may ganitong mga kondisyon ay maaaring magkaroon ng mas malalang sakit kung sila ay magkaroon ng monkeypox.

15. Dapat ba akong magpabakuna kung ako ay buntis o maaaring buntis?

Kung ikaw ay buntis at nalantad sa MPOX, lubos na inirerekomenda na isaalang-alang mo ang pagpapabakuna. Ito ay dahil ang monkeypox virus ay maaaring maipasa sa ipinagbubuntis na sanggol sa panahon ng pagbubuntis o sa bagong panganak na sanggol sa pamamagitan ng malapitang kontak sa panahon at pagkatapos ng panganganak. Ang wala sa panahong panganganak, pagkalaglag o pagkaagas, panganganak ng patay na sanggol, at impeksyon ng monkeypox sa sanggol ay naiulat na lahat pagkatapos magkaroon ng monkeypox ang mga nagbuntis. Hindi alam kung gaano kadalas ito nangyayari o maaaring mangyari sa kasalukuyang pagsilakbong ito. Ang mga datos sa mga panganib ng pagbabakuna ng JYNNEOS sa panahon ng pagbubuntis ay limitado. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagbabakuna, makipag-usap sa isang tagapagbigay-serbisyo. Mas maaga pagkatapos mong malantad mas mabuti ang paggana ng bakuna.

16. Maaari ba akong magpabakuna kung ako ay nagpapasuso?

Kung ikaw ay nalantad sa monkeypox at nagpapasuso ka, dapat kang mabakunahan. Wala pang magagamit na mga datos tungkol sa mga epekto ng JYNNEOS sa mga sanggol na pinapasuso o sa produksyon ng gatas. Hindi rin alam kung ang JYNNEOS ay naipapasa sa gatas ng suso ng tao. Ngunit

dahil ang bakuna ay walang virus na dumarami, ang pagpapabakuna ay hindi makapagbibigay ng monkeypox sa iyong sanggol.

17. Ang aking unang dosis ay subcutaneous (sa ilalim ng balat). Paano ibibigay ang aking pangalawang dosis?

Kung ikaw ay edad 18 taong gulang pataas, iaalok sa iyo ang pangalawang dosis nang intradermal (sa pagitan ng mga sapin ng balat) para makumpleto ang dalawang dosis na serye (tingnan sa itaas ang *Paano ibinibigay ang bakuna?*). Gayunpaman, kung mayroon kang pag-aalala sa keloid na pagpepeklat o kung mas gusto mong matanggap ang pangalawang dosis sa pamamagitan ng ruta sa ilalim ng balat, ang pangalawang dosis ay maaaring ibigay sa ilalim ng balat.

18. Maaari ba akong magpabakuna ng pangalawang dosis nang subcutaneous (sa ilalim ng balat) kung ako ay naging 18 taong gulang pagkatapos magpabakuna ng aking unang dosis?

Oo, Kapag ikaw ay naging 18 taong gulang na, ang bakuna ay karaniwang ibinibigay nang intradermal (sa pagitan ng mga sapin ng balat). Pero kung mayroon kang pag-aalala sa keloid na pagpepeklat o sa halip ay mas gusto mong magpabakuna ruta sa ilalim ng balat, maaari kang magpabakuna sa ilalim ng balat. Siguraduhing sabihin sa tagapagbigay ng bakuna ang iyong kagustuhan.

19. Kailangan ko bang hingin ang pahintulot mula sa aking mga magulang para magpabakuna?

Sa mga lugar ng Pampublikong Kalusugan, kung ikaw ay nasa pagitan ng edad na 12-17 taong gulang, maaari kang magpahintulot na tumanggap ng bakuna sa pamamagitan ng pagpirma sa form na ito. Sa mga lugar na ito, kung ikaw ay wala pang 12 taong gulang, dapat kang may kasamang magulang, legal na tagapag-alaga, o isang responsableng nasa hustong gulang na. Dapat ay papirmahan mo rin sa iyong magulang o legal na tagapag-alaga ang form ng pahintulot (consent form) na ito.

20. Saan ako makakakuha ng mas marami pang impormasyon?

- Sa webpage ng Monkeypox ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Los Angeles County Department of Public Health o LAC DPH) na ph.lacounty.gov/Monkeypox | Monkeypox Vaccine page
- Sa Food and Drug Administration (FDA) Mga Katotohanang pahina para sa mga tatanggap at tagapag-alaga (para sa intradermal na pagbabakuna at mga taong wala pang 18 taong gulang)
- Sa Mga Sentro ng Pagkontrol sa Sakit (Centers for Disease Control o CDC) Bakunang JYNNEOS – Ano ang kailangan mong malaman Pahayag na Impormasyon ng Bakuna (para sa bakuna sa ilalim ng balat sa mga taong may edad na 18 taong gulang pataas)
- Sa CDC webpage ng bakuna sa Monkeypox
- Sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health o CDPH) webpage ng bakuna sa Monkeypox